Republic of the Philippines

# Department of Education

REGION VIII - EASTERN VISAYAS

**Advisory Blg. 122, s. 2026**
**August 10, 2026**

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal,
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang deped.im/ro8issuances)

## PAMBANSANG PATIMPALAK PAGSULAT PARA SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026

Inaanyayahan ng *Aloysian Publications* ang lahat ng mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan-elementarya, sekundarya, at kolehiyo na lumahok sa Pambansang Patimpalak Pagsulat para sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na tuntunin.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa no-disruption-of-classes policy na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Dahil sa ito ay isa lamang *advisory*, ang lahat na Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay nang karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-DGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
122

Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telephone No.: (053) 832-5738
Email Address: region8@deped.gov.ph
Website: region8.deped.gov.ph

THE EDUCATORS' LINK
CONNECTING TEACHERS AROUND THE GLOBE
ALOYSIAN PUBLICATIONS
Block 8 Lot 1 Phase 2 Extension, Mabuhay City,
Paliparan 3, Dasmariñas City, Cavite 4114 Philippines
DTI No. 2448487 (National) | BIR COR No. 179-592-478-000
PRC CPD Accreditation No. PTR-2021-334

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. VIII
DATE: 8/3/24
TRACKING #: 8928 TIME: 10:24 AM
SIGNATURE:

RECEIVED 8/3/24 1:31 pm
OFFICE OF THE ASST. REGIONAL DIRECTOR
SIGNATURE

Hulyo 25, 2026

**Dr. Salustiano T. Jimenez, CESO III**
**Regional Director**
**DepEd Region VIII**

Mahal na Dr. Jimenez,

Magandang araw po.

**Kami po sa Aloysian Pubications ay malugod na bumabati sa inyo. Sa darating na Buwan ng Wika 2026** na may temang *"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon"*, sa pangatlong taon kami po ay muling magsasagawa ng **Pambansang Patimpalak Pagsulat para sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026** na bukas para sa lahat ng mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan sa buong Pilipinas—elementarya, sekundarya, at kolehiyo. Ang layunin ng patimpalak na ito ay upang itaguyod at palakasin ang pagmamahal sa wikang Filipino at mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa larangan ng pagsulat.

Ang mga kategorya ng patimpalak ay kinabibilangan ng:

1. Pagsulat ng Sanaysay
2. Pagsulat ng Tula
3. Pagsulat ng Maikling Kuwento
4. Pagsulat ng Kuwentong Pambata

Ang Top 5 na mananalo sa bawat kategorya ay ilalathala ng libre sa isyu ng Educator's Link Online sa Oktubre 2026. Lahat ng kalahok ay makatatanggap ng sertipiko ng paglahok, habang ang mga nagwagi ay makatatanggap ng medalya, tropeo, at plake.

Sa layuning maisulong ang proyekto at upang mas maraming guro ang mahikayat na lumahok, kami po ay magalang na humihiling ng inyong suporta at pag-apruba para sa isang **DepEd Advisory** na magsusulong sa patimpalak na ito sa buong rehiyon. Naniniwala po kami na sa inyong suporta, mas magiging matagumpay ang ating adhikain na palakasin ang paggamit ng wikang Filipino at hikayatin ang mga guro na ipakita ang kanilang husay sa pagsulat.

Kalakip po ng liham na ito ay ang mekaniks ng patimpalak. Umaasa po kami sa inyong positibong tugon at agarang pag-aksyon sa aming kahilingan. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa: Mobile: 0921-5794211, FB : fb.com/aloysianpublications / Dor Cris Avila at Email: submissions@aloysianpublications.com.

Maraming salamat po sa inyong patuloy na suporta sa mga programa at proyektong naglalayong mapalawak ang kaalaman at kakayahan ng ating mga guro.

Lubos na gumagalang,

**DDDr. CRISANTO E. AVILA**
Punong Patnugot
Aloysian Publications
09215794211
submissions@aloysianpublications.com

ORD e-mail 8/3/24

THE EDUCATORS' LINK
CONNECTING TEACHERS AROUND THE GLOBE
ALOYSIAN
PUBLICATIONS
Block 8 Lot 1 Phase 2 Extension, Mabuhay City,
Paliparan 3, Dasmariñas City, Cavite 4114 Philippines
DTI No. 2448487 (National) | BIR COR No. 179-592-478-000
PRC CPD Accreditation No. PTR-2021-334

# Mekaniks ng Ikatlong Pambansang Patimpalak Pagsulat para sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026

**Layunin:**

Ang patimpalak na ito ay bukas para sa lahat ng mga guro mula sa pampubliko at pribadong paaralan sa buong Pilipinas—elementarya, sekundarya, at kolehiyo, bilang bahagi ng pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2026**. Ang tema ngayong taon ay **"Tema: "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon",** na may layuning magbigay-daan sa malayang pagtalakay kung ano-ano ang mga kahalagahan at kontribusyon ng ating wikang pambansa at ng teknolohiya sa pananaliksik at inpormasyon. Layunin din ng patimpalak na ito na itaguyod at palakasin ang pagmamahal sa wikang Filipino at mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa larangan ng pagsulat.

**Mga Kategorya ng Patimpalak:**

1. Pagsulat ng Sanaysay – maaring pormal o di-pormal
2. Pagsulat ng Tula- maaring - malaya o tradisyonal
3. Pagsulat ng Maikling Kuwento
4. Pagsulat ng Kuwentong Pambata

**Mga Tuntunin at Alituntunin:**

1. Paglahok:

- Bukas ang patimpalak para sa lahat ng mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan sa Pilipinas—elementarya, sekundarya, at kolehiyo.

- Ang bawat kalahok ay maaaring magsumite ng isa hanggang tatlong entri sa bawat kategorya. Ang bawat lahok ay ipatatala sa halagang P 500.00 (limang daang piso). Ang *registration fee* ay para sa mga kagastusang administratibo, kagamitan/materyales, mga ibibigay na parangal, at sa pagpapatakbo ng patimpalak na ito.

- Ang bawat kalahok ay maaring sumali sa lahat ng kategorya.

- Ang bawat lahok ay nararapat na may pag-endorso mula sa punong-guro o sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan.

-Tiyakin na may kopya ng liham paanyaya na mamagamit bilang suporta sa patimpalak na ito.

2. Pagsusumite ng Entri:

- Ang bawat entri ay dapat orihinal at hindi pa nalalathala o nagamit sa ibang mataas na antas na patimpalak.

- Ang tema ng mga akda ay dapat na naaayon sa selebrasyon ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026.
- Ang entri ay dapat nakasulat sa wikang Filipino.

A. Para sa sanaysay, maikling kuwento, at kuwentong pambata: 3 - 10 pahina.

Format:

Arial, font size 12, doble-espasyo 1x 1 margin; nasa gitnang ibaba ang pahina, hal., 1 ng 5, 2 ng 5, atbp.

B. Para sa tula: 1 - 2 pahina.

Format: Arial, font size 12; nasa gitnang ibaba ang pahina, hal., 1 of 2, 2 ng 2, atbp.

- Ipadala ang mga entri sa email address na **submissions@aloysianpublications.com** kasama ang sumusunod na mga impormasyon:

- Buong Pangalan ng Kalahok
- Paaralan at Posisyon
- Kategoryang Sasalihan
- *Contact Number*

- Ang huling araw ng pagsusumite ng entri ay sa ika-31 (Lunes) ng Agosto, 2026.

Tiyaking maisumite din sa link na ito: https://forms.gle/2juKXWoffAfv2BYK9

3. Pamantayan sa Pagpapasiya:

| | | |
|---|---|---|
| - Orihinalidad at Pagkamalikhain | - | 30% |
| - Nilalaman at Kaugnayan sa Tema | - | 25% |
| - Estruktura at Organisasyon | - | 25% |
| - Gramatika at Wastong Paggamit ng Wikang Filipino | - | 20% |

4. Gawad at Parangal:

- Pipiliin ang Top 30 finalists sa bawat kategorya na makatatanggap ng sertipiko ng pagkilala.

- Ang Top 5 na mananalo sa bawat kategorya ay ilalathala sa libreng isyu ng *Educator's Link ONLINE* sa Oktubre 2026.

- Lahat ng mga kalahok at finalists ay dadalo sa **Gabi ng Parangal sa Wikang Filipino** na makatatanggap ng Sertipiko ng Paglahok sa kasuotang Filipinana na gaganapin sa Manila Grand Opera House, Maynila sa Setyembre 26, 2026 (Sabado), ika-anim ng gabi. *(tentative).*

- Ang mga nagwagi ay makatatanggap ng mga medalya, trophy at sertipiko ng pagkilala.

- Ang lupon ng mga hurado ay binubuo ng mga premyadong manunulat na nagtapos sa mga kilala at kagalang-galang na unibersidad. Ang kanilang pasya ay pinal, hindi na maaaring iapela, at hindi na mababago.

5. Anunsyo ng mga Nagwagi:

- I-aanunsyo ang talaan ng mga opisyal na kalahok sa pamamagitan ng opisyal na Facebook page at website ng Aloysian Publications.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa

Mobile: 0921-5794211

FB : fb.com/aloysianpublications / Doc Cris Avila

Email: submissions@aloysianpublications.com.

Hinihikayat namin ang lahat ng mga guro na lumahok at ipakita ang kanilang husay sa pagsulat sa wikang Filipino. Mabuhay ang ating Wikang Pambansa!

**Inihanda ni:**

**DDDr. CRISANTO E. AVILA**
**Punong Patnugot**
**Aloysian Publications**

# Ikatlong Pambansang Patimpalak Pagsulat
## para sa
# Buwan ng Wikang Pambansa 2026



## Tema: ***"Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon"***

**Mga Kategorya ng Patimpalak:**

1. Pagsulat ng Sanaysay
2. Pagsulat ng Tula
3. Pagsulat ng Maikling Kuwento
4. Pagsulat ng Kuwentong Pambata

**Bukas ang patimpalak para sa lahat ng mga guro sa pampubliko at pribadong paaralan sa Pilipinas--elementarya, sekondarya, at kolehiyo. Ang huling araw ng pagsusumite ng mga lahok ay sa ika-31 (Lunes) ng Agosto, 2026.**

WAERA

ALOYSIAN PUBLICATIONS

PARA SA IBANG PANG INPORMASYON:

THE EDUCATORS' LINK

0921-5794211 fb.com/aloysianpublications submissions@aloysianpublications.com